TAGALOG

Buod ng pantay na Pagsusuri

Mga Mag-aaral ng ng Wikang Ingles (ELL)

Ang Paaralang Pampubliko ng Seattle ay nakatapos ng ilang **bilang na akademiko at pamamahala na isang pantay na pagsusuri (peer reviews). Ang mga pagsusuring ito, na ginawa ng mga eksperto sa bansa, ay ipinakita sa atin kung ano ang ating mabuting ginagawa at itinuro kung paano tayo bubuti. Ang mga rekomendasyon mula sa bawa't magkakaparehong pagsusuri ay magbibigay - alam sa estratehiyang pagpaplano ng distrito, upang ang mga pagbabago at mga paghusay sa mga sariling programa ay magsusulong sa ating pangkalahatang pagtanaw sa hinaharap.**

Mula ng ito'y itatag, nakaakit ng mga tao ang Seattle mula sa buong daigdig. Ang resulta, ang Paaralang Pampubliko ng Seattle ay matagal na nakapagsilbi sa English Language Learner (ELLs) na nagsasalita ng iba't ibang klase ng wika at mayroong malawak na kadalubhasaang iba-iba.

Noong pampaaralan taon 2005 – 2006, halimbawa 23 porsiyento ng mag-aaral ng Seattle ay napabilang sa ELL, kumpara sa 9 na porsiyento sa buong bansa. SA mga mag-aaral na ito, humigit kumulang 25 porsiyento ang nagsasalita ng Spanish sinundan ng Vietnamese, Cantonese, Tagalog at Somali.

Para maserbisyuhan ang mga mag-aaral na ito at ang kanilang pamilya, naghandog ang Seattle ng programang ELL sa 56 paaralan, nagtayo ng **Bilingual Family Center** para sa patalaan at naglaan ng isang sekondarya at tatlong elementaryang **Bilingual Orientation Centers** para sa mga mag-aaral na bago sa Estado Unidos o may mga limitadong Ingles.

Ang Mga Taga-Suri

Ang pag-aaral ng ELL ay pinangasiwaan ng isang grupo mula sa **Council of the Great City Schools.** Ang Konseho , na nabuo noong 1956, ay isang koalisyon ng 66 na malalaking pampublikong paaralan lungsod ng sistema ng bansa. Ang Konseho ay tumutulong sa mga miyembro ng distrito sa pananaliksik, komunikasyon, kurikulum at pamamahala at nakagawa na ng halos 150 asisteng pagtuturo, pamamahala at operasyonal na pagsusuri sa nakalipas na maraming taon. Para sa pagsusuri ng ELL, ang konseho ay bumuo ng isang pangkat ng mga kurikulum at tagapagturong mga lider mula sa ibang mga pangunahing paaralang lungsod ng distrito na may iba't ibang populasyon ng mag-aaral.

Buod

Pinuri ng pangkat ng nagsusuri ang mga lider ng SPS sa kanilang kagustuhan na mapabuti at magdagdag ng sebisyo ng ELL at sinabi na ang Seattle ay malaking pagkakataon na paunlarin ang serbisyo sa ELL na antas pangdaigdig sapagkat ang kalagayan ng Seattle ay isang sentrong pangdaigdig. Gayunman nag-aalala sila sa mga ilang bagay, kasama ang katotohanang humigit kumulang 43 porsiyento ng mag-aaral ng ELL ay hindi tumatanggap sa ngayon ng serbisyo ng Bilinwal, ang instruksyon sa distrito ay hindi patag at hindi pareho at ang pamantayan ng mga nagawa ay bumaba nitong mga nakaraan taong.

Pagsunod sa detalyadong pagtaya, ang nagsusuring pangkat ay gumawa ng rekomendasyon sa 12 paksa, mula sa disenyong programa sa kurikulum sa katuparan. Paglampas sa mga rekomendasyon sa mga indibiduwal na punto ay ang mungkahi ng pangkat na isiping muli at baguhin ang disenyo ng serbisyo ng ELL upang:

- Bumuo ng isang pantay na kurikulum sa buong distrito na nagbabawas ng Paggamit ng Ingles bilang ikalawang Wika (ESL) na modelo "pull out" sa halip palitan ito ng Sheltered English-plus(Content ESL) modelo, kasama ang programang dual na wika na idinesenyo upang bumuti ang akademikong nagawa ng mag-aaral.
- Tayahin ang Bilingual Orientation Centers upang gumawa ng programang naaangkop sa mga mag-aaral at sa kanilang pamilya at mabigyan ng mahusay na paghahanda at pagkakataon na makapagtapos.
- Bumuo ng isang pangmalawakang distritong programa sa dual na wika na bukas sa lahat ng mag-aaral upang ipakita ang kalagayan ng Seattle bilang pintong daan pang-internasyonal.

Mga Paraang Pag-aaral

Ang Pangkat Tagasuri ay bumisita sa Seattle ng dalawang beses pagpasok ng 2008. Inobserbahan nila ang mga klase sa 100 mga silid aralan sa 14 na paaralan, nagsuri ng mga dokumento at materyales ng ELL kurikulum at nakipag-kita sa mga guro, punong guro at mga lider ng distrito. Ang pinal na ulat ay ibinigay noong Agosto 2008.

Mga Kinalabasan at Rekomenddasyon

Pinag-aralan ng pangkat taga-suri ang 12 iba't ibang sakop ng programa ng ELL. Gumawa sila ng mga rekomendasyon sa bawa't isa.

Pamumuno at Estratehiyang dikeksiyon:

Pinapurihan ng pangkat ang pamunuan ng Seattle at ang lupon ng patakaran subali't nag-aalala sila na ang Seattle ay walang malinaw na pananaw o estratehiya para sa programang ELL at walang malinaw na mekanismo para mag-ulat ng progreso sa lupon ng paaralan. Ang pangkat ay nagrekomenda na ang mga lider ng SPS ay magtakda ng malinaw na direksiyon para sa mga programang ELL at isanib ang direksiyon na ito sa pagsasagawa ng estratehiyang plano.

Mga Kinalabasan at Rekomendasyon (cont'd)

Layon at Pananagutan: Ang pangkat ay nagnota na ang puwang sa mga nakamit na layon ng Seattle ay makasaysayang inihayag patungkol sa lahi at kita at hindi sa hadlang sa pananalita. Ang mga miyembro ng pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay maghanda ng isang malinaw na puntirya na gawaing pang-akademiko ng grupo sa wika at suriin ang mga paaralan ng palagian. Ang rekomendasyon na ito ay naaayon sa estratehiyang gawaing pamamahala na binanggit sa estratehiyang plano.

Programang desinyo at Sistema ng Pagtuturo:
Ang pangkat ay nag-aalala tungkol sa mababang level na nagawa ng mga ELL na mag-aaral at nagtala na ang kasalukuyang ELL modelo ng Distrito ay nakapokus sa akademikong pagsulong. Ang pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay gumawa ng isang panglungsod na naiibang programang ELL na malinaw na layon. Sa partikular, ang mga miyembro ng pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay bawasan ang paggamit ng kasalukuyan nilang modelong ESL pull-out at gamitin ang modelong Sheltered English-plus sa mga kalapit na paaralan, kasama ang magnetong programang dual na wika sa mga piling lokasyon.

Kurikulum At Instrusiyon: Ang mga pangkat ay pinuri sa interes ng mga lider ng SPS at ELL kurikulum pero itinala na ang kasalukuyan materyales ng kurikulum ay pasamantala at hindi nakalinya sa pamantayan ng estado. Ang pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay magtatag ng isang magkatugma at magkapantay na kurikulum na pangdistrito at magbigay ng patnubay sa mga guro at katulong instruksiyonal kung paano magdagdag ng aklat para sa ELL na mag-aaral. Ang pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay magtuon ng pansin muna sa ELL matematika at instruksiyon sa pagbasa sapagkat kailangan ihanda ang mga mag-aaral na magawa ang malawakang pang-estadong tasahang pagsusulit.

Data at tasahan: Nagtala ang pangkat na ang data tungkol sa mag-aaral ng ELL ay nabukod sa data ng ilang bahagi ng populasyon ng mag-aaral, na nagiging mahirap para masundan ang progreso ng mag-aaral pagkatapos silang ilipat mula sa programang ELL. Ang pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay magbuo ng isang pangmalawakang distrito mekanismo para ipunin ang data ng mag-aaral ng ELL, magtuon pansin sa pagsubaybay ng iskor sa pagsusulit at oras ng mag-aaral sa mga programa ng ELL.

KalalaGyan ng Magaaral: Ang pangkat ay nag-aalala na ang plano ng paglalagyan ng mag-aaral ng Seattle ay madalas magresulta ng mahabang oras na biyahe at limitadong paghula para sa mag-aaral ng ELL. Itinala rin nila na ang pamilya ng mag-aaral na ELL ay kailangan na magkumpleto ng pormularyo sa dalawang magkaibang lugar (kasama ang Sentro ng Pampamilyang Bilinwal) upang makakuha ng mga serbisyo. Kanilang iminungkahi na ang mga serbisyo ng ELL ay gawing magaang makuha at malawakang maikalat sa pamamagitan ng distrito.

Kapital na tao at Propesyonal na Pagsulong: Sa paksang ito, ang pangkat ay nagrekomenda na suriin ng SPS ang bilang ng mga kawani kumpara sa ibang upang ikonsidera ang pagdadagdag ng sariling bilang ng mga gurong pang-edukasyon bilinwal at ito'y magbigay ng maraming pagsasanay at patnubay sa mga punong guro, guro at katulong na instruksiyonal.

Mga i nstruksiyonal na katulong: Ang mga miyembro ng pangkat ay nagtala na ang mga instruksiyonal na katulong ay maaaring maging mahalagang bahagi ng isang programang ELL. Kanilang iminungkahi na ang mga tungkulin ng mga instruksiyonal na katulong ay dapat malinaw na pagpartihin sa pagitan ng pagtuturo at pagsasalin. .

Bilingual Orientation Centers: Ang pangkat ay nagtala na ang kasalukuyang nakatayong mga sentro sa Seattle ay madalas magresulta ng mahabang oras na biyahe ng mga mag-aaral at nagbibigay ng limitadong tulong para sa mga mag-aaral na lumilipat mula sa sentro tungo sa ibang paaralan. Ang pangkat ay nagrekomenda na ang kasalukuyang estraktura ay idensiyong muli para bigyan ng elementaryang pagtuturo sa loob ng kalapit na paaralan, isang 6 hanggang 8 bilingwal na programa na nasa middle schools at isang sekondaryang antas na internasyonal haiskul, na ang mga mag-aaral ay makakaipon ng kredito at makapagtapos. Sila'y nagrekomenda na ang distrito ay bumuo ng isang malinaw na pagbabagong paraan sa pagbabago mula sa sentro tungo sa ibang paaralan at ituon ang pansin sa pagpapalaki ng akademiko para sa ELL na mag-aaral.

Mga Kinalabasan at Rekomendasyon (cont'd)

Mga Ma gu Lang at Pamayanan: Ang pangkat ay nagpuri sa mga pagsisikap ng Seattle upang makalapit sa mg pamilya sa buong Seattle. Silay' nagtala , gayunman, na maraming pamilya ay may limitadong pang-unawa sa mga serbisyo na makukuha at nagrekomenda na ang SPS ay magpatuloy ang kanilang pagsisikap na maabot ang iba't ibang pamayanan.

Pagpopondo at Alokasyon ng mga dollar : Ang pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay doblehin ang pagsisikap na masiguro at maiugma ang makukuhang pondo sa lokal, estado at pederal para sa programang ELL.

Pag Su nod : Sa pagsunod sa lahat ng rekomendasyon, ang pangkat ay nagrekomenda na ang SPS ay magbuo ng isang bagong aklat ng kawani na magbibigay pansin sa pinalaking akademikong kahigpitan gayun din sa buong pagsunod sa batas federal at pamantayan ng estado.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Ang Mag-aaral ng Wikang Ingles pantay na pagsusuri ay isinagawa bilang bahagi ng **prosesong estratehikong pagpaplano ng Paaralang Pampubliko ng Seattle.** Ang estratehikong plano, "Excellence for All,"("Kahusayan Para sa Lahat") ay binuo upang tulungan ang paaralang distrito na palakasin ang nagawang pang-akademiko para sa mga mag-aaral para payagan na masuri kung nasaan na tayo, gumawa ng mga listahan na prioridad para sa pagbabago at pagkatapos gumawa ng aksiyon. Ang estratehikong plano ay pinili ng lupon ng paaralan noong Hunyo 2008 at gagamitin muli sa mga susunod pang mga taon.

Photographs © 2008 Susie Fitzhugh.